ANO ANG NASA KABILA NG KAMATAYAN?

Ang mga mananampalataya kay Cristo ay pinalaya Niya mula sa kanilang takot sa kamatayan. Para sa kanila, ang kahulugan ng kamatayan ay ang "...iwanan ang katawang ito na ating tinatahanan ngayon, upang manirahan na sa piling ng Panginoon" (2 Corinto 5:8 RTPV). "upang makapiling ni Cristo, yamang ito ang lalong mabuti para sa akin" (Filipos 1:23 RTPV). Dumaan man ako sa madilim na libis ng kamatayan, wala akong katatakutan, pagkat ika'y aking kaagapay" (Awit 23:4 RTPV).

Para sa mga taong tinanggihan si Jesu-Cristo, sinasabi ng Biblia na si Jesus ay muling babalik "sa gitna ng naglalagablab na apoy at paparusahan ang lahat ng hindi kumilala sa Diyos at hindi sumunod sa Magandang Balita ng ating Panginoong Jesus. Ang parusa sa kanila ay walang hanggang kapahamakan at mahihiwalay sila sa Panginoon at sa dakila niyang kapangyarihan" (2 Tesalonica 1:8,9 RTPV).

TOTOO NGA BANG MAY LANGIT?

Maraming ipinahayag si Jesu-Cristo sa Kanyang mga tagasunod patungkol sa lugar na Kanyang pupuntahan upang ipaghanda tayo ng lugar doon. "Huwag na kayong mabalisa; sumampalataya kayo sa Diyos, sumampalataya din kayo sa akin. Sa bahay ng aking Ama ay maraming silid. Kung hindi ito totoo, sasabihin ko bas a inyong pupunta ako roon upang ipaghanda ko kayo ng inyong matitirahan? At kapag naipaghanda ko na kyo ng matitirahan , ako'y babalik at isasama ko kayo upang kayo'y makapiling ko kung saan ako naroroon" (Juan 14:1-3 RTPV). Isa sa mga dahilan kung bakit ako ay isang Kristiyano ay dahil kinasasabikan kong makita nang mukha sa mukha ang aking Tagapagligtas, at pasalamatan Siya sa laki ng pagmamamahal Niya sa akin. Ako rin ay nananabik nang maranasan ang kagalakan at kagandahan ng Langit na siya kong magiging tahanan magpakailanman.

PAANYAYA

Kung nais mong makilala ang Panginoong Jesu-Cristo bilang iyong sariling Tagapagligtas, ipadala lamang ang iyong pangalan at tirahan (nakasulat sa malalaking titik) at padadalhan ka namin ng libreng kopya ng babasahing, "Pardon for Sin, and Assurance of Peace with God" ni W.J. Parton.

Ipadala sa:

SOWERS OF THE WORD MINISTRIES
PO BOX 1074, MAKATI CENTRAL
POST OFFICE



PITONG MAHAHALAGANG KATANUNGAN 7

Ilan sa mga mahahalagang katanungang na palaging tinatanong ng mga tao ay ang mga sumusunod: "Ano ba ang wangis ng Manlilikha? Ano ang dapat kong gawin sa aking mga kasalanan? Panno ko mapagtatagumpayan ang tukso? Paano ko makikilala ang Diyos? Ano ang layunin ng buhay? Ano ang nag-aantay sa kabilang buhay para sa mga taong tinanggihan si Jesu-Cristo? Totoo nga bang may langit?" Ang lahat ng mga katanungan ito ay sadyang may kasagutan sa Salita ng Diyos, ang Biblia, at sa katauhan ng Panginoong Jesu-Cristo, na Siyang Buhay na Salita ng Diyos.

ANO ANG WANGIS O LARAWAN NG MANLILIKHA?

Sinagot ni Jesus ang katanungang ito. Sinabi Niya, "Ang nakakita sa akin ay nakakita na sa Ama." (Juan 14:0 RTPV) "Ako at ang Ama ay iisa." (Juan 10:30 RTPV). Kung ang isang tao ay titingin sa mukha ni Jesus, masasabi niya, "Nakita ko na ang Diyos." Si Jesus ay Diyos na nagkatawang-tao. Ibinaba ni Jesus ang Diyos sa tao, at itinaas Niya ang mga tao sa Diyos.

Gusto mo bang malaman kung ano ang wangis o larawan ng Diyos? Kung gayon, basahin mo ang buhay ni Jesus sa mga aklat ng Ebanghelyo. Mayroon ka bang gustong malaman tungkol sa pag-ibig ng Diyos? Sabi ni Jesus, "Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." (Juan 3:16 RTPV).

ANO ANG DAPAT KONG GAWIN SA AKING MGA KASALANAN?

Minsan ay narinig ko sa radyo ang ganitong katanungan ng isang tao. Marami ang nabubuhay na parang alipin at pasan ang bigat ng kanilang mga kasalanan. Kaibigan, kung ang puso mo ay isinisigaw nga ang katotohanang ito, may mabuting balita ako para sa iyo. "...sa pamamagitan ni Jesus ay ipinangaral sa inyo ang kapatawaran ng kasalanan" (Gawa 13:38 RTPV). "...sa pamamagitan ng Anak, niloob ng Diyos na ang lahat ng bagay, maging sa langit o sa lupa, ay makipagkasundo sa kanya; pakikipagkasundo sa pamamagitan ng pag-aalay ng Anak ng kanyang dugo sa krus" (Colosas 1:20 RTPV).

Minsan ay namuhay rin akong tulad ng Alibughang Anak na inilarawan sa aklat ni Lucas sa kabanata 15. Malayo ako noon sa Diyos. Subalit nang lumapit ako sa Kanya upang humingi ng habag, sa kanyang biyaya ay agad kong natanggap ang Kanyang kapatawaran para sa aking mga kasalanan. At gayundin naman, mapapatawad ka Niya sa lahat ng iyong mga kasalanan dahil sa ginawa ni Cristo sa krus. Lumapit ka sa Kanya ngayon, at mula ngayon ay malalaman mo at matitikman ang tamis ng Kanyang pagmamahal at habag.

PAANO KO MAPAGTATAGUMPAYAN ANG TUKSO?

Kinakailangan mo ang kapangyarihan upang mapagtagumpayan ang tukso. Kinakailangan mo ng Tagapagligtas na makapagbibigay sa iyo ng sapat na lakas at kagalakan sa iyong puso. Bibigyan ka ni Jesu-Cristo ng kapangyarihan upang magkaroon ng panibagong-buhay. Siya ang buhay na Tagapagligtas, at "...lubusan niyang maililigtas ang lahat ng lumalapit sa Diyos sa pamamagitan niya," (Hebreo 7:25 RTPV).

PAANO KO MAKIKILALA ANG DIYOS?

Sa kailaliman ng ating puso ay naghahangad tayong makipag-ugnayan sa Diyos na tunay ngang nakahihigit kaysa sa atin. Tanging ang Diyos lamang ang makapagpupuno ng paghahangad na iyan. Dinadala ka ni Jesu-Cristo sa pamilya ng Diyos: "...ang lahat ng tumanggap at sumampalataya sa kanya ay binigyan niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos" (Juan 1:12 RTPV).

ANO ANG LAYUNIN NG BUHAY?

Pagkatapos ni Pablo na maging tagasunod ni Cristo, isinugo siya ni Cristo upang luwalhatiin ang pangalan ng Panginoon, at "ibalik [ang mga tao] sa kaliwanagan mula sa kadiliman, iligtas sila sa kapangyarihan ni Satanas at ibalik sa Diyos" (Gawa 26:18 RTPV). Sa ganitong malugod na paglilingkod mo rin matatagpuan ang ibayong kagalakan sa pagtupad ng Kanyang kalooban at layunin ng iyong buhay.